OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Mga Alituntunin ng 2025 CityArtist

## Pangkalahatang Impormasyon sa Kaloob

Sinusuportahan ng kaloob ng CityArtist ang mga indibidwal na artista/tagapangasiwa ng Seattle sa pagsasaliksik, pagpapaunlad, at pagtatanghal ng isang malikhaing proyekto. Ang aplikasyon para sa 2025 ay bukas sa mga artista/tagapangasiwa na nagtatrabaho sa **sayaw, musika, at teatro (kabilang ang pagsulat ng dula)**. Ang mga ginawarang artista ay kinakailangan na maghandog ng pampublikong pagtatanghal sa loob ng mga limitasyon ng lungsod ng Seattle.

Sinsupotahan ng CityArtist ang mg aartista, mga gumagawa, at mga tagapangasiwa na nasa gitna ng sektor ng kultura. Ang pinansyal na suporta para sa mga malikhaing negosyante ay nag-aambag sa mas malawak na ekonomiya at kalidad ng buhay sa mga kapitbahayan sa buong Lungsod.

**Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging kwalipikado, o online na teknikal na suporta:** Makipag ugnay sa Project Manager, Irene Gómez, sa (206) 684-7310 oirene.gomez@seattle.gov.

**Kami ay mayroong mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language sa pamamagitan ng video**. Kami ay tawagan at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang maikling pagtigil habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

| | |
|---|---|
| **Aplikasyon**<br>Ang aplikasyon ay isinusumite ONLINE. Ang aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng grant portal ng Lungsod ng Seattle sa FLUXX sa https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new<br><br>Kung kayo ay walang computer o internet access, makipag-ugnayan kay Irene Gómez sa (206) 684-7310 sa lalong madaling panahon. | **Pagbubukas**<br>Martes, Abril 2, 2024, 8 a.m. (Pasipiko)<br><br>**Takdang Petsa**<br>Martes, Mayo 7, 2024, 5 p.m. (Pasipiko) |

**Birtwal na mga Sesyon ng Impormasyon:**

**Sesyon 1**
Lunes, Abril 8, 3-5 p.m. (Pasipiko): **RSVP**

**Sesyon 2**
Miyerkules, Abril 17, 1-3 p.m. (Pasipiko): **RSVP**

**Oras ng Opisina ng Bukas na Telepono:**
Miyerkules, Marso 27 - Abril 24, 3-5 p.m. (Pasipiko)

**20-Minuto 1:1 Mga Pagsusuri sa Draft ng Telepono**
Lunes, Abril 22 & 29, 1-5 p.m. (Pasipiko)

Upang mag RSVP, **bisitahin ang aming kalendaryo** at piliin ang inyong nais na sa oras sa Abril 22 o Abril 29.

**Ang mga patnubay ay makukuha rin sa wikang Tsino (Tradisyonal), Amharic, Koreano, Somali, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese.**

## Pagiging Kwalipikado/mga Kinakailangan

Kayo ay kwalipikado para sa grant na ito kung natutugunan ninyo ang pamantayan na ito:

- Kayo ay isang artista/tagapangasiwa na gumagawa/nagtatanghal ng sining.
- Kayo ay residente ng Seattle O may permanenteng estudyo/espasyo ng trabaho na nasa inyong pangalan sa loob ng limitasyon ng lungsod sa Seattle kung saan kayo tumatanggap ng sulat. **Hindi** ito maaaring maging isang P.O. Box*.
- Kayo ay hindi bababa sa 18 taong gulang sa takdang petsa ng aplikasyon.
- Kayo ay isang indibidwal na artista/tagapangasiwa o ang nangungunang artista/tagapangasiwa ng isang koponan ng mga artista/tagapangasiwa.
- Kung kayo ang nangungunang artista/tagapangasiwa ng isang sining o kultural na grupo/organisasyon, kailangan ninyong malinaw na makilala ang trabaho para sa gawad na ito mula sa patuloy/napapanahon na gawain ng inyong grupo/organisasyon.

Kayo ay hindi kwalipikado para sa kaloob na ito kung:

- Kayo ay nagpatala sa paaralan sa anumang antas (high school, undergraduate, graduate, o doctoral) sa anumang degree program na may kaugnayan sa sariling artistikong trabaho o karera;
- Kayo ay kasalukuyang nakakatanggap ng gawad mula sa anumang programa ng Office of Arts & Culture na may aktibong kontrata.

## Pagpopondo

Ang mga parangal ay nakatakda sa iisang halaga na $8,000 para sa **lahat** ng tatanggap. Ang saklaw ng trabaho at mga detalye ng huling kaganapan ay tutukuyin **pagkatapos** maging opisyal ang mga parangal at sa panahon ng yugto ng pagkontrata.

## Pamantayan sa Pagsusuri

Ang mga panukala ay susuriin batay sa tatlong (3) pamantayan. Hinihikayat ang mga aplikante na tumugon sa mga pamantayang ito sa kanilang mga materyales sa aplikasyon. Ang bawat pamantayan sa ibaba ay may posibleng marka ng 20 puntos bawat isa, na susuriin para sa kabuuang 60 puntos.

**Karanasan at Pananaw (20 Puntos)**

- Nagbabahagi ng kung ano ang naging inspirasyon, naka-impluwensya, o humubog sa ideya o tema ng HULING pakikipagsapalaran kumpara sa KASALUKUYANG gawain.
- Inilalarawan kung paano matututo o maghahanda ang artista/tagapangasiwa para sa SUSUNOD na tema o paksa.

**Paglago at Potensyal (20 Puntos)**

- Nailalarawan ang artistikong pag unlad, pagsasanay, o trabaho bilang isang artista/tagapangasiwa sa paglipas ng panahon.
- Nagassaad kung anong mga hakbang ang gagawin upang mapalakas ang mga kakayahan o diskarte (mga gawain, kasanayan, o pamamaraan).

**Halimbawa ng Trabaho (20 Puntos)**

- Ipamalas kung paano ipinapakita ng mga halimbawa ng trabaho ang resumé, mga tugon sa pagsasalaysay, antas ng kasanayan, o susunod na landas.
- Ang mga halimbawa ay nababasa, naririnig, at naa-access.

## Mga Bahagi ng Aplikasyon

Ang Lungsod ng Seattle ay gumgamit ng online na sistema ng aplikasyon na tinatawag na FLUXX. Ang mga aplikante ay kailangang lumikha ng isang account at profile, kung wala pa sila nito, bago ma-access ang aplikasyon.

- Dalawang (2) Tanong na Nagsasalaysay na naglalarawan ng inyong inspirasyon at mga gawain ng mga ideya o gawain sa nakaraan at hinaharap. Sabihin kung paano umuunlad ang mga ito sa bawat proyekto.
- Resumé na nagtatala ng kasaysayan ng pagsasanay, edukasyon, mga pangyayari, at mga nagawa (mga kaganapan, pagtuturo, lektura, pagiging residente, artikulo, atbp.)
- Halimbawa ng Trabaho na nagpapakita ng trabaho ng aplikanteng artista at sumusuporta sa salaysay at resumé.